Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION III – CENTRAL LUZON
SCHOOLS DIVISION OFFICE - SCIENCE CITY OF MUÑOZ

5 Agosto, 2021

**PANSANGAY MEMORANDUM**
Blg. 297, serye 2021

**PANSANGAY NA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2021**

Para sa: Pampubliko at Pambribadong Punongguro sa Elementarya at Sekondarya
Iba pang Kinauukulan

1. Alinsunod sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041 serye 1997 at Pangkagawarang Memorandum Blng. 46 serye 2021, na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, ang Sangay ng Lungsod Agham ng Munoz ay magsasagawa ng paligsahan sa pagsulat ng malayang tula.

2. Ang gawaing ito ay itinakda bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan at Buwan ng Wika 2021 na may temang ***Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino*** na naglalayong ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika,

3. Nilalayon ng paligsahang ito na:

   a) mabigyang pagkilala ang natatanging kakayahan at kasanayan ng mga kalahok sa pagsulat;
   b) mapili at mabigyang parangal ang mga orihinal na akda sa pagsulat ng malayang tula;
   c) mapaigting ang paggamit ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga akdang pampanitikan.

4. Ang mga kalahok sa paligsahang ito ay mga punongguro, ulongguro, at nanunuparang guro sa mga paaralang pampubliko at pambribado sa Sangay ng Lungsod Agham ng Munoz

5. Ang mga kalahok ay kailangang maghanda ng mga sumusunod:
   a) Kopya ng kompiyuterisadong lahok o entri
   - Isang MS word format
   - Gamit ang font na Arial 12 pt
   - single spaced, A4 size (bond paper)
   - May palugit na isang (1) pulgada sa itaas, ibaba, at gilid.

6. Tatanggapin ang entri hanggang 23 Agosto, 5nh at ipadala sa email munozscience.city@deped.gov.ph


**Address**: Brgy. Rizal, Science City of Muñoz, 3119
**Telephone No.**: (044) 806 -2192; **Email Address**: munozscience.city@deped.gov.ph

7. Ihahayag ang mga mananalong entri at kalahok sa huling linggo ng **Agosto 2021** sa pamamagitan ng FB Page ng **Schools Division Office of Science City of Munoz**. Ang pasiya ng lupon ng inampalan ay pinal at hindi na mababago.

8. Ang iba pang mekaniks at pamantayan sa pagpili ng mananalong kalahok ay nakapaloob sa **lakip blg.1.**

9. Para pa rin sa karagdagang gawain ng mga paaralan ay inaasahan na maipakita ang pakikiisa sa paggamit ng nakasabit na *tarpauline* na namakikita ang tema ng pagdiriwang.

10. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**DANTE G. PARUNGAO, CESO VI**
Nanunuparang Pinuno
Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paralang Pansangay

DEP-ED
SCIENCE CITY OF MUÑOZ
RELEASED
AUG 09 2021
by:

Kalakip Blg 1 Memorandum Blg 297 serye 2021

**PATNUBAY SA PALIGSAHAN SA PAGSULAT NG MALAYANG TULA PARA SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2021**

**Mekaniks**

1. Sa pagsulat ng malayang tula, dapat maiugnay ng mga kalahok ang paksa ng pagdiriwang," Filipino ***at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino".***

2. Isang entri lamang ang kinakailangan sa bawat kalahok na May 8-15 na saknong na sa bawat saknong ay walang hinihihinging bilang ng taludtod.

| **PAGSULAT NG MALAYANG TULA** | | |
|---|---|---|
| Kasiningan | kaangkupan at kabuluhan ng isinasaad | 40% |
| Gamit ng Wika | anyo,estilo, at pagkamalikhain | 40% |
| Kaugnayan sa Tema | wastong pagbaybay, gramatika, bantas, at mabisang gamit ng mga salita | 20% |
| **KABUUAN** | | **100%** |